# LIKAS YAMAN

*by:*
**Jamaica T. Pangilinan**

Noong magsimula ang pandemiya kani-kaniyang hanap ng magpaglilibangan ang mga tao dahil limitado lamang ang paglabas sa kanila kanilang mga tahanan dulot ng pandemiya. Unti -unting naglalabasan ang mga matatawag nating mga plantito at pantita napupuno ang news feed sa iba't ibang social media networking sites ng mga kuha mula sa kanilang mga tanim na halaman. Pambahay man o maging malalaking puno at halaman. Mayroong mga nakuha ng libre , ang iba naman ay nag aangkat pa at namimili ng iba't ibang breed ng mga halaman imported man o local na ilan nga ay napababalitang umaabot pa sa daang libo ang mga halaga. Bukod sa pagiging plantita, Kasabay ng unti unting pagbaba ng kaso ay maluwag sa ibat ibang mga lalawigan, bukod sa pagiging plantita ang iba lalo na ang mga sabik ng makalabas ay mga nagbabalak na mag nature trip. Nadiskubre natin ang ganda ng pilipinas mula sa mga nalilitawan na mga Discovery Trail na matyagang inaakyat ng mga kababayan nating mahilig maghiking.Hindi alintana ang init, pagod at panganib ayon sa kanila sulit na sulit kapag naabot na ang tutok ng trail o bundok. Makakalanghap ng sariwa at mahalumig na hangin, matitikman ang sariwa at malamig na tubig mula sa bundok. Higit sa lahat ay tila abot kamay mo na ang langit.

Ngunit sa kabilang banda, nakakabahala na din ang nauulat na pagkakalbo ng mga kabundukan sa ibang lugar dahil sa iba't ibang mga kadahilanan isa na rito ng pagkamkam ng mga lupa upang makapag quarry at kalaunan ay maaring maging sanhi ng landslide at makapinsala ng maraming buhay at kabuhayan

depedbataan.com The Official Website of DepED Division of Bataan

Bukod sa land quarrying ay napapadalas din ang pagbaha sa iba't ibang panig ng Pilipinas. Hindi pa natatapos ang pandemiya ay nalalanta naman ang sunod sunod na bagong pumasok sa Pilipinas.

Bilang isang mamamayan at tagapagsulong ng edukasyon maaring makatulong tayo sa simpleng paraan ito ay ang ipaunawa sa mga mamamayan ang kahalagahan kung kung paano iingatan at mapapangalagaan ang ating likas na yaman.

*References:*

https://www.abante.com.ph/pangangalaga-sa-kalikasan/

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan